DepEd-Division of Catanduanes
RECORDS SECTION
RELEASED
BY: ______ No: 684
DATE: AUG 0 1 2025 TIME: 8:35

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON V (BIKOL)
TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN NG CATANDUANES

31 Hulyo 2025

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 684, s. 2025

## PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2025

Sa mga: Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punong Tagamasid (CID at SGOD)
Mga Puno ng Opisina ng Sangay (SDO Proper)
Tagamasid Pansangay
Tagamasid Pampurok
Prinsipal (Publiko at Pribado)
Pampaaralang Koordineytor sa Filipino

1. Alinsunod sa Proklamasyon Bilang 1041 s. 1997 na nagtatakda ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa, ang Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon V, sa pamamagitan ng Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum (Curriculum Implementation Division), ay magsasagawa ng iba't-ibang gawain sa Buwan ng Agosto.

2. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay "Ang Paglinang sa Filipino at Katutubong Wika: Makasaysayan sa Pagkakaisa ng Bansa". Layon nito na ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

3. Hinati sa limang (5) lingguhang tema ang isang buwang pagdiriwang at kasabay nito ang pagtalakay sa bawat paksa sa pamamagitan ng webinar. Inaanyayahan ang lahat ng mga guro sa Filipino na dumalo. Ang link at iba pang detalye ay ipapadala na lamang sa pamamagitan ng Tagamasid sa Filipino.

| Petsa | Tema | Webinar |
|---|---|---|
| Unang Linggo<br>4-8 Agosto | Wikang Pangkasarian | Petsa: 5 Agosto 2025<br>Tagapanayam:<br>Dr. Rowena P. Ferstin<br>Prof., UP Diliman |
| Ikalawang Linggo<br>11-15 Agosto | Gampanin ng Filipino Sign Language sa Pagbabago ng Klima | Petsa: 12 Agosto 2025<br>Tagapanayam:<br>Dr. Carolyn S. Dagani<br>Former President<br>Phil. Federation of the Deaf |
| Ikatlong Linggo<br>18-22 Agosto | Pagtataguyod ng Literasi sa Wikang Filipino: Hakbang Tungos sa Maunlad na Buhay | Petsa: 19 Agosto 2025<br>Tagapanayam:<br>Dr. Carl E. Balita<br>Manunulat |
| Ikaapat na Linggo<br>25-29 Agosto | Filipino at Wikang Katutubo: Wika ng Malayang Pamamahayag | Petsa: 26 Abril 2025<br>Tagapanayam:<br>Aurelio Agcaoli<br>Prof., Hawaii |

San Roque, Virac, Catanduanes
052-8114036 / 09623505374
catanduanes@deped.gov.ph
www.depedrovcatanduanes.com / www.catanduanes.deped.gov.ph

CamScanner

4. Hinihikayat na magsagawa ang sangay at mga paaralan nang sabay-sabay na Seremonya sa Pagtataas ng Watawat sa 4 Agosto 2025 (Lunes), sa ganap na ikawalo (8:00) ng umaga bilang simbolikong pagbubukas ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2025.

5. Ang Pansangay na Palatuntunan sa Buwan ng Wika ay gaganapin sa 29 Agosto 2025 sa ganap na ikawalo (8:00) ng umaga sa SDO Lobby . Ang detalye ng gawain ay isusunod na lamang.

6. Hinihikayat din na magsagawa ng gawain ang mga paaralan, pribado at publiko, kaugnay sa pagdiriwang ng Wikang Pambansa 2025.

7. Ang host school para sa taong ito ay Bato Central Elementary School kung saan dadalo ang mga panauhin mula sa Sangay/Rehiyon.

8. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Itinalaga ng Tagapamanihala ng mga Paaralan:

**DELFIN A. BONDAD**
OIC-Assistant Schools Division Superintendent
Officer-In-Charge
Office of the Schools Division Superintendent

CID/gmt
7/31/2025


San Roque, Virac, Catanduanes
052-8114036 / 09623505374
catanduanes@deped.gov.ph
www.depedrovcatanduanes.com / www.catanduanes.deped.gov.ph

CamScanner